

KUAN: ISANG DISKURSAL NA PAGSUSURI NG BISAYANG TAGAPUNO SA ASIGNATURANG PAGSASALIN SA IBA'T IBANG DISIPLINA

Recil Jane B. Barbarona¹, Sheila Jane L. Tabog², Sandara Q. Andoy³, Mary Jean C. Flores⁴, Mariss B. Vistal⁵, James B. Dacion⁶, Maricris M. Cañeda⁷, John Mark B. Traña⁸, Jinky A. Literatus⁹, Cleandy Jane R. Obquia¹⁰

Don Carlos Polytechnic College, Purok 2, Población Norte, Don Carlos, Bukidnon 8712, Philippines

ABSTRACT

Ang pag-aaral na ito ay nagsusuri sa diskursal na gamit ng salitang kuan bilang isang Bisayang tagapuno sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. Tinutukoy kung paano ito naging mahalagang bahagi bilang tagapuno na nagsisilbing pause filler, placeholder, o discourse marker na tumutulong sa organisasyon ng ideya. Gayunpaman, may kakulangan pa rin sa mga pag-aaral hinggil sa kuan sapagkat nakatuon lamang ang mga ito sa impormal na diskurso, kaya't nagkaroon ng puwang sa pagsusuri nito sa akademikong konteksto, partikular sa loob ng silid-aralan. Layunin ng pag-aaral na matukoy ang mga salitang tagapuno, masuri ang konteksto ng paggamit ng kuan, at mailarawan ang tungkulin nito batay sa sintaktik at pragmatikong pananaw. Gumamit ang mga mananaliksik ng deskriptibong kwalitatibong pamamaraan sa pamamagitan ng pagsusuri sa 14 na voice recordings na nagbunga ng 226 na pangungusap na naglalaman ng mga salitang tagapuno. Natuklasan na ang ahh (76) at kuan (74) ang pinakamadalas gamitin, na nagpapakita ng mahalagang papel ng mga ito sa pagpapangatili ng daloy ng komunikasyon. Ang naging resulta ng pag-aaral ng ito ay nagpapakita na ang kuan ay may iba't ibang tungkulin sa pangungusap tulad ng simuno, pandiwa, layon, at panuring, na nagpapatutunay sa pagiging multi-funksiyonal nito sa diskurso. Ipinapakita rin sa pagsusuri na ang tungkulin ng kuan ay nakabatay sa konteksto at grammatical function nito sa pangungusap. Dagdag pa rito, ang paggamit ng kuan ay may dobleng katangian: maaring ito'y magsilbing pansamantalang placeholder kapag hindi agad maalala ang nais tukuyin, ngunit maari rin itong maging ganap na bahagi ng estrukturang sintaktiko ng pangungusap at makapagbigay ng malinaw na kahulugan sa komunikasyon. Ginamit sa pag-aaral ang teoryang Discourse Analysis, Pragmatics, Sintaks theory, at Collaizzi Method upang maging mas sistematiko at komprehensibo ang pagsusuri sa kuan bilang isang diskursal at lingguwistikong phenomenon sa loob ng asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina.

Keyword: *Kuan, Diskursal na Pagsusuri, Bisayang Tagapuno, Pragmatiks, Sintaktiks, Pagsasalin, Collaizzi Method*

1. INTRODUCTION

Ang wika ay mahalagang kasangkapan sa pagpapahayag ng ideya at kahulugan, lalo na sa akademikong diskurso at sa larangan ng pagsasalin. Sa aktuwal na komunikasyon, likas ang paggamit ng mga salitang tagapuno tulad ng kuan, isang impormal na anyo sa wikang Cebuano na nagsisilbing panandang panghalili kapag nahihirapan ang nagsasalita na maalala o maipahayag ang tiyak na salita, pangalan, bagay, o konsepto. Karaniwan itong ginagamit sa pasalitang diskurso, partikular sa pang-araw-araw

na komunikasyon. Sa konteksto ng asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina, nagiging mahalaga ang pagsusuri sa paggamit ng kuan sapagkat maaaring makaapekto ito sa kalinawan, kawastuhan, at organisasyon ng isinasaling teksto.

Ang naging suliranin sa pag-aaral na ito ay kung papaano ginagamit ang salitang kuan sa akademikong diskurso at nagkakaroon din ng puwang sa pag-unawa at proseso ng pagkatuto. Gayundin, nagdudulot ito ng kalituhan at interpretasyon ng mensahe. Dahil dito, pinapahalagahan sa pag-aaral na ito na masuri ang

diskursal na gamit ng salitang kuan bilang Bisayang tagapuno sa konteksto ng asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina.

Ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang malaman kung ang kuan ay gumaganap bilang paksa, pandagdag, pandiwa, o layon depende sa posisyon nito sa pangungusap. Bukod dito, kung ang kuan ay angkop sa iba't ibang posisyong gramatikal, ipinahihiwatig nito na ito'y hindi lamang panakip sa katahimikan kundi isang elementong maaaring umangkop sa estruktura ng pangungusap. Binibigyang-diin ni Culicover (2021) ang pinagmulan at pag-unlad ng mga tungkuling gramatikal at ipinakita na ang ugnayan ng anyo at kahulugan ang pundasyon ng sintaktikong interpretasyon.

Maraming pag-aaral ang nagpapakita ng kahalagahan ng pagsusuri sa wika batay sa estruktura at gamit nito sa aktuwal na komunikasyon. Sa pananaw ng sintaktiks, binibigyang-diin nina Rizzi at Cinque (2016) na ang tungkulin ng isang salita ay nakabatay sa posisyon at organisasyon nito sa loob ng pangungusap. Kaugnay nito, sa larangan naman ng pragmatiks, ipinakita nina Araneta at Ingilan (2019) na ang salitang kuan sa Cebuano ay maaaring magsilbing pause filler, placeholder, o discourse marker na tumutulong sa pagpapanatili ng daloy ng ideya sa komunikasyon. Gayundin, natuklasan nina Kho et al. (2021) na ang paggamit ng mga Bisayang tagapuno ay karaniwan sa impormal na diskurso at pang-araw-araw na usapan. Gayunpaman, nakatuon lamang ang mga nabanggit na pag-aaral sa pangkalahatang komunikasyon at hindi nito lubos na nasusuri ang gamit ng kuan sa akademikong konteksto, partikular sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. Sa gayon, nananatiling may kakulangan sa pananaliksik hinggil sa kung paano nakaaapekto ang paggamit ng kuan sa pag-unawa, interpretasyon, at kalidad ng pagsasalin ng mga mag-aaral, na siyang tinutugunan ng kasalukuyang pag-aaral.

Layunin ng pag-aaral na ito na masuri ang diskursal na gamit ng salitang kuan bilang Bisayang tagapuno sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina, partikular kung ito ba ay gumaganap bilang paksa, pandagdag, pandiwa, o layon sa loob ng pangungusap. Higit pa rito para maunawaan ang konteksto ng paggamit nito sa komunikasyon ng mga mag-aaral sa naturang asignatura, at masuri ang mga tungkuling

ginagampanan nito batay sa pananaw ng pragmatiks at sintaktiks. Inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral na ito sa mas malalim na pag-unawa sa pagiging maraming gamit ng salitang kuan sa akademikong diskurso, partikular sa larangan ng pagsasalin.

Isinagawa ang pananaliksik na ito sa Don Carlos Polytechnic College sa taong panuruan 2025–2026, sa mga mag-aaral na kumukuha ng medyor sa Filipino, partikular sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. Inaasahang makatutulong ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral at guro sa pagpapabuti ng kasanayan sa komunikasyon at pagpapalawak ng bokabularyo. Gayundin, sa mas epektibong paggamit ng wika sa akademikong konteksto.

1.1 Suliranin ng Pag-aaral

Upang makamit ang pangkalahatang suliranin ng pag-aaral ay nabuo ang mga sumusunod na tiyak na suliranin:

1. Ano-ano ang mga salitang tagapuno na ginagamit ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina?
2. Sa anong konteksto ginagamit ang salitang kuan sa isang pangungusap?
3. Saan maiuuri ang mga salitang kuan batay sa Pragmatiks at Sintaktiks?

2. METODOLOHIYA

Ang pananaliksik ito ay naglalahad ng iba't ibang pamamaraan na ginamit upang makompleto ang pangangalap ng resulta, ang nakapaloob ay ang disenyo ng pananaliksik, lugar ng pananaliksik, mapa ng lokal ng pag-aaral, partisepante ng pag-aaral, instrumento ng pag-aaral, pamamaraan ng pangangalap ng datos, etikal na konsiderasyon, at paraan ng pagsusuri ng mga datos.

2.1 Disenyo ng Pag-aaral

Ang disenyo na ginamit sa pag-aaral na ito ay deskriptibong kwalitatibong disenyo. Layunin nitong suriin ang paggamit ng salitang kuan bilang Bisayang tagapuno sa aktuwal na diskursong pangklasrum. Ang pangunahing metodong ginamit ay Discourse Analysis, na nakatuon sa pagsusuri ng wika batay sa aktuwal na gamit nito sa komunikasyon. Angkop ang lapit na ito sapagkat layunin ng pag-aaral na ito na unawain ang natural nitong gamit sa konteksto.

Sinuri sa pag-aaral ang mga naitalang talakayan sa asignaturang Pagsasalin sa Iba't Ibang Disiplina upang matukoy ang paglitaw, konteksto, at tungkulin ng kuan sa diskurso. Ang pagsusuri ay isinagawa sa pamamagitan ng masusing pagtingin sa mga transkripsyon ng usapan. Bilang pantulong na lente, ginamit ang pagsusuring sintaks upang matukoy ang estruktural na gampanin ng kuan sa loob ng pangungusap, at pagsusuring pragmatiks upang maipaliwanag ang kahulugan nito batay sa konteksto ng paggamit.

Sa ganitong paraan, naipakita ng pag-aaral ang mas malinaw at sistematikong pag-unawa sa papel ng kuan bilang bahagi ng aktuwal na interaksyong akademiko.

2.2 Lugar ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Don Carlos Polytechnic College na matatagpuan sa Purok-2, Norte Don Carlos, Bukidnon, bahagi ng rehiyon ng Mindanao. Ang institusyong ito ay nag-aalok ng kursong Edukasyong Pangsekundarya na may medyor sa Filipino, kung saan kabilang ang asignaturang Pagsasalin sa Iba't Ibang Disiplina na siyang pokus ng pananaliksik.

Pinili ang Don Carlos Polytechnic College bilang lugar ng pag-aaral dahil sa kaugnayan nito sa layunin ng pananaliksik. Ang institusyon ay may populasyon ng mga mag-aaral na gumagamit ng Cebuano bilang isa sa kanilang pangunahing wika sa pang-araw-araw na komunikasyon. Dahil dito, inaasahang natural at madalas na lilitaw ang paggamit ng salitang kuan sa aktuwal na diskursong pangklasrum. Ang ganitong lingguwistikong kapaligiran ay mahalaga upang masuri ang penomenon sa isang autentiko at hindi artipisyal na konteksto.

Bukod dito, ang pagkakaroon ng sapat na bilang ng mga mag-aaral sa kursong may asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina ay nagbibigay-daan sa sistematikong pangangalap ng datos sa loob ng regular na klase. Ang lokasyong ito ay angkop hindi lamang dahil sa accessibility ng mga kalahok, kundi dahil ito ay kumakatawan sa isang akademikong kapaligiran kung saan nagsasanib ang lokal na wika at pormal na diskurso. Sa ganitong konteksto, mas magiging makabuluhan ang pagsusuri sa paggamit ng kuan bilang Bisayang tagapuno sa loob ng akademikong talakayan.

2.3 Partisipante ng Pag-aaral

Ang mga partisepante sa pag-aaral na ito ay binubuo ng isang seksyon ng mga mag-aaral sa ikatlong taon na naka-enrol sa asignaturang Pagsasalin sa Iba't Ibang Disiplina sa kursong Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino sa Don Carlos Polytechnic College. Ang kabuuang bilang ng mga mag-aaral sa seksyong ito ay apatnapu't walo (48), at sila ang magsisilbing pangunahing respondente ng pananaliksik.

Pinili ang nasabing seksyon sa pamamagitan ng purposive sampling sapagkat ang mga mag-aaral na ito ay direktang sangkot sa aktuwal na talakayang pangklasrum kung saan isinasagawa ang pagsasalin ng iba't ibang tekstong akademiko. Dahil gumagamit din sila ng Cebuano sa pasalitang interaksyon, inaasahang natural na lilitaw ang paggamit ng salitang kuan sa kanilang diskurso. Sa ganitong paraan, natitiyak na ang mga kalahok ay may tuwirang kaugnayan sa layunin ng pag-aaral.

Sa pagtuon sa isang seksyon na may apatnapu't walong (48) mag-aaral, magiging sistematiko at masinsinan ang pangangalap at pagsusuri ng datos sa loob ng natural na sitwasyon ng pagkatuto. Ang ganitong pagpili ng kalahok ay magbibigay-daan sa mas malinaw na pag-unawa sa diskursal, sintaktiko, at pragmatikong gampanin ng kuan sa akademikong konteksto ng pagsasalin.

2.4 Instrumento ng Pag-aaral

Ang pangunahing instrumento na ginamit sa pag-aaral na ito ay audio recording ng aktuwal na talakayang pangklasrum sa asignaturang Pagsasalin sa Iba't Ibang Disiplina. Layunin nitong maitala ang natural na paggamit ng salitang kuan sa loob ng diskurso, nang hindi umaasa sa obserbasyon o interpretasyon lamang ng mananaliksik.

Ang pagre-record ay isinagawa bilang isang simpleng proseso ng pagdodokumento ng mga talakayan sa klase gamit ang audio recording device. Walang ginamit na pormal na checklist, protocol, o template; sa halip, ang pagkuha ng datos ay ginabayan ng mga suliranin ng pananaliksik upang matiyak na ang mga naitalang usapan ay may kaugnayan sa layunin ng pag-aaral.

Ang mga naitalang audio ay nakatuon sa tatlong pangunahing aspekto ng pagsusuri: (1) ang pagtukoy sa mga salitang tagapuno na ginagamit ng mga mag-aaral sa komunikasyon, (2) ang pagsusuri sa konteksto ng paggamit nito sa pangungusap at sa daloy ng talakayan, at (3) ang

pag-uuri sa tungkuling ginagampanan nito batay sa sintaktiko at pragmatikong dimensyon.

Sa ganitong paraan, ang audio recording ay nagsilbing pangunahing pinagmumulan ng datos na nagbigay-daan sa sistematikong pagsusuri ng aktuwal na diskurso sa loob ng klasrum.

2.5 Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Bago mag simula sa pangangalap ng datos ay kumuha ng pormal na pahintulot mula sa administrasyon ng Don Carlos Polytechnic College at sa instruktur ng asignaturang Pagsasalin sa Iba't Ibang Disiplina. Kasunod nito, humingi rin ng informed consent mula sa mga kalahok upang matiyak ang boluntaryong partisipasyon.

Ikalawa, ay isinagawa ang audio recording ng aktuwal na talakayang pangklasrum sa loob ng apat (4) na linggo, sa regular na oras ng klase upang mapanatili ang natural na daloy ng diskurso

Pangatlo, ay isinailalim sa verbatim na transkripsyon ang mga naitalang audio. Manomanong isinagawa ito upang matiyak ang katumpakan ng mga pahayag, kabilang ang paggamit ng kuan.

Pang-apat, hinati ang mga transkripsyon upang matukoy ang bawat pagkakataon ng paggamit ng kuan sa diskurso.

Panglima ay sinuri ang konteksto at tungkulin ng kuan sa pangungusap at sa daloy ng talakayan, at inuri batay sa sintaktiko at pragmatikong gampanin gamit ang discourse analysis.

2.6 Etikal na Konsiderasyon

Sa pag-aaral na ito, tiniyak ng mga mananaliksik ang mahigpit na pagsunod sa mga etikal na prinsipyo upang mapanatili ang pagiging makatarungan, tapat, at responsable sa pangangalap at pagsusuri ng datos. Bago simulan ang pananaliksik, hihingi ng pormal na pahintulot mula sa administrasyon ng paaralan at sa instruktur ng asignatura. Kasunod nito, ipaliliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pag-aaral, ang saklaw ng kanilang partisipasyon, at kung paano gagamitin ang mga nakalap na datos. Ang kanilang paglahok ay boluntaryo at maaari silang umatras anumang oras nang walang anumang negatibong epekto.

Ang pag-aaral na ito ay sumunod sa mga probisyon ng Data Privacy Act of 2012 (Republic

Act No. 10173) ng Pilipinas, na naglalayong protektahan ang personal na impormasyon ng mga indibidwal. Kaugnay nito, hindi kokolektahin ang anumang sensitibong personal na impormasyon na hindi kinakailangan sa layunin ng pananaliksik. Ang mga pangalan ng kalahok ay hindi ilalantad at papalitan ng koda o alyas sa transkripsyon at presentasyon ng resulta upang mapanatili ang kanilang anonimidad.

Ang lahat ng audio recordings at transkripsyon ay itinago sa isang secured na storage na may limitadong access at gagamitin lamang para sa layunin ng pag-aaral. Ang mga datos ay hindi binago, mamanipluhin, o gagamitin sa ibang layunin maliban sa nakasaad sa pananaliksik. Ang pagsusuri at paglalahad ng resulta ay isinagawa nang tapat, obhetibo, at walang kinikilingan upang mapanatili ang integridad ng pag-aaral.

2.7 Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos

Sa pagsusuri ng mga datos, ginamit ang Discourse Analysis bilang pangunahing lapit upang masuri ang aktuwal na paggamit ng salitang kuan sa diskursong pangklasrum. Nakatuon ito sa pag-unawa kung paano nabubuo ang kahulugan sa loob ng tiyak na konteksto ng komunikasyon, kaya't nasusuri ang kuan bilang bahagi ng daloy ng talakayan, hindi lamang bilang hiwalay na salita. Ginamit din bilang pantulong na lente ang pagsusuring sintaktiko at pragmatiko upang maipaliwanag ang estruktural at kontekstuwal na tungkulin nito.

Isinagawa ang pagsusuri sa pamamagitan ng isang coding scheme na binuo batay sa mga suliranin ng pag-aaral. Sa unang yugto, tinukoy at tinandaan ang lahat ng paglitaw ng kuan at iba pang salitang tagapuno sa transkripsyon. Sa ikalawang yugto, inuri ang mga ito batay sa uri ng tagapuno tagapagsalita, at sesyon. Sa ikatlong yugto, sinuri ang konteksto ng bawat paglitaw gamit ang mga categoryang pragmatiks tulad ng pause filler, placeholder, at discourse marker. Sa ikaapat na yugto, tinukoy ang posisyong sintaks ng kuan sa pangungusap tulad ng hal. paksa layon pandagdag, o paningit. Ang mga categoryang ito ang nagsilbing batayan sa sistematikong pag-uuri at interpretasyon ng datos.

Halimbawa, sa pahayag na: "Kadtong mga kuan," ang salitang kuan ay ikinokoda bilang (1) uri ng tagapuno (2) pragmatikong tungkulin - placeholder sapagkat pumapalit ito sa isang hindi matukoy o nakalimutang salita;

at (3) tungkuling sintaktiko – bahagi ng pariralang nominal (noun phrase) na nagsisilbing pantukoy sa isang pangkat o bagay. Sa kontekstong ito, ipinapakita na ang kuan ay ginagamit upang ipagpatuloy ang daloy ng pagsasalita kahit hindi agad maalala ang eksaktong termino.

Ang integrasyon ng discourse analysis, sintaktikong pagsusuri, at teoryang pragmatiks, kasama ang malinaw na coding scheme, ay nagbigay ng sistematikong paraan upang matukoy ang padron, konteksto, at tungkulin ng kuan. Ang prosesong ito ay nagbigay-daan sa mas malalim na pag-unawa sa diskursal na gampanin nito sa akademikong konteksto ng pagsasalin.

3. PRESENTASYON, AT INTERPRETASYON SA MGA DATOS

Sa bahaging ito ay ilalahad ang mga nakalap na impormasyon mula sa isinagawang pagmamasid upang masuri ang Kuan: Isang diskursal na pagsusuri ng bisayang tagapuno sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina.

Ang mga salitang tagapuno na ginamit asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina.

Sa bahaging ito, tatalakayin ang resulta ng isinagawang pagmamasid. Layunin ng pagsusuring ito na matukoy ang mga salitang tagapuno na ginagamit ng mga mag-aaral sa komunikasyon sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina.

Matapos matagumpay na makuha ang 226 na pangungusap na naglalaman ng mga salitang tagapuno mula sa 14 recordings sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. Pinroseso ng mga mananaliksik ang pagkuha ng mga impormasyon upang matukoy kung ano-ano ang mga salitang tagapuno na ginamit ng mga mag-aaral.

Sa talahanayan 1, makikita ang mga salitang tagapuno na ginamit ng mga mag-aaral sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. Kabilang sa mga ito ang kuan, ahh, uhm, ahm, so, kanang, kining, at kaning, na may iba't ibang antas ng dalas ng paggamit. Pinakamadalas na ginamit ang ahh na may kabuuang 76 na beses, sinundan ng kuan na may 74 na beses, at so na may 43 na beses. Samantala, ang iba pang salitang tagapuno tulad ng uhm, ahm, at kanang ay may mas

mababang bilang, at ang kining at kaning naman ang may pinakamababang dalas ng paggamit.

Talahanayan 1. Mga salitang tagapuno na ginamit sa pagsasalita ng mga mag-aaral

Blg.	Tagapuno	Frequency	Bahagdan (%)
1.	ahh	76	33.63%
2.	kuan	74	32.74%
3.	so	43	19.03%
4.	uhm	17	7.52%
5.	kanang	9	3.98%
6.	ahm	5	2.21%
7.	kinig	1	0.44%
8.	kaning	1	0.44%
Total		226	99.99%

Sa Talahanayan 1, lumabas sa naging resulta na ang mga salitang tagapuno na ginagamit ng mga mag-aaral sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina ay ang ahh (76) at kuan (74) na siyang pinaka-ginagamit ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang mga nasabing tagapuno ay maiugnay sa konsepto ng hesitation markers at cognitive processing, kung saan ang nagsasalita ay nangangailangan ng panandaliang panahon upang iproseso ang susunod na ideya o hanapin ang angkop na salita.

Bukod pa rito, ang tagapunong ahh at kuan ay maaring sumasalamain sa kultural na gawi at diskursibong identidad ng isang komunidad. Sa ganitong lente, ang ahh at kuan ay maaring hindi lamang simpleng pamalit sa salita kundi ekspresyon ng lokal na lingguwistikong kultura sa loob ng akademikong interaksyon. Sinuportahan ito nina Mooney at Evans (2018) na ang wika ay hindi lamang estruktura ng mga salita kundi isang panlipunang praktis na nakaugat sa identidad, kultura, at sitwasyon ng nagsasalita. Sa kanilang pananaw, ang kahulugan ay nabubuo sa loob ng kontekstong panlipunan kung saan umiiral ang komunikasyon. Ayon din sa pananaw ni levinson (1983), na ang kahulugan ng mga pahayag ay hindi lamang nakabatay sa literal na anyo kundi sa kontekstong kinasasangkutan nito. Kaya naman, ang paggamit ng ahh at kuan ay hindi simpleng kakulangan sa bokabularyo kundi isang diskursibong mekanismo upang mapanatili ang koherensiya at daloy ng usapan.

Samantala, ang so ay may kabuang bilang na (43) at uhm (17), ipinapakita rito na ang so ay karaniwang ginagamit bilang discourse marker na nag-uugnay ng mga ideya, habang ipinapakita naman na ang uhm ay ginamit sa pag-aatubili o pag-iisip. Ang mababang bilang ng kanang (9), ahm (5), kaning (1) at ang kining (1) ay nagpapakita na ang mga ito ay may mas limitadong gamit o mas tiyak na kontekstong pinaggagamitan.

Makikitang ang mga salitang kagaya ng kuan, ahh, kaning, uhmm, so, at kanang ay madalas na ginagamit ng mga mag-aaral bilang mga salitang tagapuno sa kanilang pagsasalita sa loob ng klase sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. Ang mga ito ay lumitaw sa iba't ibang voice recordings at ginamit sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon, gaya ng pagpapaliwanag ng aralin, pagtatanong, pagbibigay ng halimbawa, at pakikipag-usap sa kapwa mag-aaral. Ipinahihwatig nito na ang paggamit ng salitang tagapuno ay isang likas na bahagi ng pasalitang komunikasyon, kung saan ang mga mag-aaral ay kinakailangang magpahayag ng ideya nang mabilisan. Sa ganitong sitwasyon, nagiging pansamantalang tulay ang mga salitang tagapuno upang mapanatili ang daloy ng pagsasalita habang pinoproseso pa ang susunod na sasabihin. Ayon kay Robertson Cooper (2016) may pagkakataon na ang mga tao ay hindi agad matukoy ang mga angkop na salita kaya gumagamit sila ng mga salitang tulad ng kuan bilang pansamantalang pamalit sa nais ipahayag. Ang mga salitang ito ay tinatawag na tagapuno. Sinuportahan naman ito nina Nurrahmi et al. (2021) ang pag-aaral tungkol sa mga salitang tagapuno na ginagamit ng mga mag-aaral sa talakayan, sa pag-sagot ng mga katanungan at maging sa pang araw-araw na pakikipagkomunikasyon.

Ang madalas na paggamit ng kuan ay nagpapakita rin ng impluwensiya ng wikang Bisaya sa diskurso ng mga mag-aaral. Dahil ang mga kalahok sa pag-aaral ay mga bisaya, natural lamang na ang kanilang paraan ng pagsasalita ay may halong lokal na ekspresyon. Makikita natin sa talahanayan na ito, ang paggamit ng mga salitang tagapuno tulad ng ahh, kaning, uhmm, so, kanang at lalong lalo na ang salitang kuan, ay isang mahalagang bahagi ng diskurso ng mga mag-aaral sa loob ng klase. Ang mga ito ay nagsisilbing tulay upang mapanatili ang daloy ng komunikasyon habang inaayos ng nagsasalita ang kanyang ideya o mensahe.

Konteksto ng paggamit ng kuan

Matapos matagumpay na makuha ang 226 na pangungusap na naglalaman ng mga salitang tagapuno mula sa 14 recordings sa asignaturang pagsasalin sa iba't ibang disiplina. May iba't ibang tungkuling ginagampanan ang salitang kuan sa loob ng pangungusap. Sa isinagawang pagsusuri, natukoy na ang kuan ay maaaring gamitin bilang simuno, pandiwa, layon, panuring sa simuno, at

panuring sa layon. Mula sa kabuuang bilang ng mga naitalang pahayag, lumitaw na ang kuan bilang simuno ang may pinakamataas na bilang na 39, sinundan ng kuan bilang pandiwa na may 18, panuring sa simuno na may 8, layon na may 7, at panuring sa layon na may 1. Ipinahihwatig ng distribusyong ito na ang salitang kuan ay hindi lamang simpleng tagapuno o salitang pampuno sa usapan, kundi isang mahalagang bahagi ng estruktura ng pangungusap na may kakayahang gumanap sa iba't ibang posisyon depende sa konteksto ng paggamit nito.

Talahanayan 2. Kuan bilang pandiwa

Pangungusap	Salin Filipino
1. Kadtong mga kuan ba <i>pandiwa</i>	Yung mga kuan (sumasayaw)
2. Taasa na ani ay duha pa gyud ka kuan <i>pandiwa</i>	Ang hahaba ng dalawang kuan (isusulat)
3. Uy gi kuan nimo? <i>pandiwa</i>	Uy kuan (Kinain) mo?
4. Kanang naa siya'y kuan na intro. <i>pandiwa</i>	Meron siyang kuan (nilagay) na intro.
5. Unsa na imong kuan bing, report sa diha na? <i>pandiwa</i>	Ano yung kuan (ina-aral) mo bing, ulat yan?
6. Wala man ni sila nag kuan <i>pandiwa</i>	Wala naman silang kuan (ginawa)
7. Daghan man gani tog mga kuan <i>pandiwa</i>	Marami pa yong kuan (gagawin)
8. Hoy pag kuan ba <i>pandiwa</i>	Hoy, kuan (magsulat) ka
9. Giunsa ninyu pag kuan ana <i>pandiwa</i>	Paano niyo kuan (ginawa) yan
10. Wala naman nag kuan si Mary Joy <i>pandiwa</i>	Hindi naman kuan (nagsend) si Mary Joy
11. Huy daghana pa nakog kuan uy <i>pandiwa</i>	Huy, ang dami kong kuan (gagawin)
12. Kinsay kuan sa attendance <i>pandiwa</i>	Sino ang kuan (humawak) ng atendants
13. The way sila mag kuan sa wika ma'am <i>pandiwa</i>	Paraan ng kanilang kuan (paggamit) sa wika ma'am
14. Ing-ana na siya ka kuan <i>pandiwa</i>	Ganyan siya ka kuan (adventure)
15. Ang kuan gyud niya iyang diwa <i>pandiwa</i>	Ang kuan (nangibabaw) talaga ang nagging diwa
16. Ako sa'y kuan Bam <i>pandiwa</i>	Ako mona ang kuan (gagamit) Bam
17. Naay kuan ato <i>pandiwa</i>	May kuan (kumuha) non
18. Mao raman ang gi kuan ni ma'am <i>pandiwa</i>	Iyon lang ang kuan (sinabi) ni ma'am

Kuan bilang pandiwa

Pangungusap 1. Kadtong mga kuan ba (Yung mga kuan sumasayaw)

Sa pangungusap babyna "Kadtong mga kuan ba," ang salitang kuan ay nagsisilbing pandiwa dahil ito ang sentrong aksyon na naglalarawan sa ginagawa ng paksa (ang mga tao). Bagaman ito ay isang placeholder, sa konteksto ng pangungusap, ito ay pumapalit sa pandiwang "sumasayaw." Ang posisyon nito matapos ang panandang "mga" (na

sa usapang kolokyal ay madalas sinusundan ng kilos sa Bisaya) ay nagpapakita na ito ang nagsisilbing predikado o deskripsyon ng galaw ng tinutukoy na mga tao.

Pangungusap 2. Taasa na ani ay duha pa gyud ka kuan (Ang hahaba ng dalawang kuan isusulat)

Sa pangungusap na "Taasa na ani ay duha pa gyud ka kuan," ang kuan ay gumaganap bilang pandiwa sa anyong pawatas (infinitive) na tumutukoy sa aksyong "isusulat." Ang syntactic justification nito ay nakabatay sa pagiging layon ng kilos na dapat pang isagawa. Ang kuan dito ay hindi lamang isang pangngalan kundi ang mismong target na gawain o proseso na nakatakhang mangyari, na nagbibigay ng diwa ng obligasyon o nakatakhang aksyon.

Pangungusap 3. Uy gi kuan nimo? (Uy kuan Kinain mo?)

Ang salitang kuan sa "Uy gi kuan nimo?" ay malinaw na pandiwa dahil sa kabit na panlaping "gi-". Sa gramatikang Bisaya, ang panlaping "gi-" ay ginagamit upang ipakita na ang kilos ay tapos na (perfective aspect) at ang pokus ay nasa bagay na ginawaan ng kilos. Ang pagsama ng panlapi sa salitang kuan ay pormal na nagbabago sa kategorya nito mula sa pagiging simpleng placeholder tungo sa pagiging isang transitibong pandiwa na pumapalit sa salitang "kinain."

Pangungusap 4. Kanang naa siya'y kuan na intro. (Meron siyang kuan nilagay na intro.)

Sa pahayag na "Kanang naa siya'y kuan na intro," ang kuan ay tumutukoy sa aksyon ng "paglalagay." Gumaganap itong pandiwa dahil ito ang nag-uugnay sa paksa "siya" at sa direktang layon "intro". Ang syntactic structure ng pangungusap ay nagpapakita na ang kuan na ang nagsisilbing verbal element na nagpapatunay na may naganap o mayroong prosesong ginawa sa intro, na nagpapatunay sa pagiging aksyon nito sa loob ng sugnay.

Pangungusap 5. Unsa na imong kuan bing, report sa diha na? (Ano yung kuan ina-aral mo bing, ulat yan?)

Sa pangungusap na "Unsa na imong kuan bing, report sa diha na?", ang kuan ay ginamit bilang pandiwa na tumutukoy sa kilos ng "pag-aaral" o "paghahanda." Bagaman maaari itong magmukhang pangngalan sa unang tingin, ang semantikong gamit nito sa konteksto ng

pagtatanong tungkol sa ginagawa ni "Bing" ay naglalagay dito sa posisyong predikatibo. Ito ay nagsisilbing kinatawan ng isang progresibong kilos na kasalukuyang pinagkakaabalahan ng tinutukoy na tao.

Pangungusap 6. Wala man ni sila nag kuan (Wala naman silang kuan ginawa)

Sa "Wala man ni sila nag kuan," ang salitang kuanay isang pandiwa dahil sa panlaping "nag-". Ang panlaping ito ay isang verbalizing affix sa wikang Bisaya at Tagalog na nagpapahiwatig ng pagganap sa isang kilos. Sa aspektong sintaktiko, ang "nag kuan" ay ang predikado ng pangungusap na nagsasaad ng kawalan ng aksyon mula sa simunong "sila," na nagpapatunay na ang placeholder ay naging ganap na pandiwa sa pamamagitan ng morpolohikal na pagbabago.

Pangungusap 7. Daghan man gani tog mga kuan (Marami pa yong kuan gagawin)

Ang paggamit ng kuan na sa "Daghan man gani tog mga kuan" ay tumutukoy sa maraming gawaing "gagawin." Ito ay nagsisilbing pandiwa sa paraang ito ang nagpapahayag ng kaisipan ng future action o mga nakapending na gawain. Ang justification nito ay nakasalalay sa pagiging sentro ng usapin tungkol sa mga aktibidad na kailangang tuparin, kung saan ang kuan ay gumaganap bilang kinatawan ng mga verbal na tungkulin.

Pangungusap 8. Hoy pag kuan ba (Hoy, kuan magsulat ka)

Sa utos na "Hoy pag kuan ba," ang kuan ay hayagang pandiwa dahil sa panlaping "pag-". Ang "pag-" sa kontekstong ito ay nagpapahiwatig ng imperative mode o anyong pautos. Ang estruktura ng pangungusap ay nangangailangan ng isang kilos upang mabuo ang diwa ng pag-uutos, at ang kuan ang pumupuno sa puwang na ito bilang kahalili ng aksyong "magsulat" o anumang gawaing dapat simulan ng kausap.

Pangungusap 9. Giunsa ninyu pag kuan ana (Paano niyo kuan ginawa yan)

Sa pangungusap na "Giunsa ninyu pag kuan ana," ang kuan ay gumaganap bilang pandiwa sa anyong pawatas (infinitive) na bahagi ng isang panuring sa paraan ng paggawa. Ang paggamit ng salitang "giunsa" (paano) ay nangangailangan ng isang kasunod na kilos upang maipaliwanag ang proseso. Dito, ang "pag kuan" ay nagsisilbing

verbal head na naglalarawan sa aksyong isinagawa ng paksang "ninyo" sa bagay na "ana."

Pangungusap 10. Wala naman nag kuan si Mary Joy (Hindi naman kuan nagsend si Mary Joy)

Sa pahayag na "Wala naman nag kuan si Mary Joy," ang kuan ay naging pandiwa sa pamamagitan ng panlaping "nag-". Ito ay nagpapahiwatig ng isang kilos na hindi naisakatuparan (sa kasong ito, ang pag-send). Ang syntactic justification ay malinaw: ang "nag kuan" ang nagsisilbing sentral na predikado na nag-uugnay sa simunong "Mary Joy" sa isang partikular na aksyon, na nagpapatunay na ang "kuan" ay sumusunod sa mga tuntuning gramatikal ng pandiwa.

Pangungusap 11. Huy daghana pa nakog kuan uy (Huy, ang dami kong kuan gagawin)

Sa pangungusap na "Huy daghana pa nakog kuan uy," ang kuan ay tumutukoy sa mga kilos na "gagawin." Ang kuan dito ay gumaganap bilang complement ng dami (daghan), kung saan ang tinutukoy na marami ay hindi mga bagay kundi mga aksyon o obligasyon. Dahil ang konteksto ay nakatuon sa produktibidad at gawain, ang kuan ay nagkakaroon ng verbal function sa loob ng pahayag.

Pangungusap 12. Kinsay kuan sa attendance (Sino ang kuan humawak ng atendants)

Ang salitang kuan sa "Kinsay kuan sa attendance" ay nagsisilbing pandiwa sapagkat ito ang nagpapakita ng relasyon ng paksa "kinsa" sa layon "attendance". Sa kontekstong ito, ito ay pumapalit sa kilos na "humawak" o "mag-asikaso." Ang posisyon nito pagkatapos ng panyaring "siya/kinsa" ay nagpapakita na ito ang inaasahang aksyon na dapat gampanan ng taong tinatanong.

Pangungusap 13. The way sila mag kuan sa wika ma'am (Paraan ng kanilang kuan paggamit sa wika ma'am)

Sa "The way sila mag kuan sa wika ma'am," ang kuan ay ginamit bilang pandiwa dahil sa panlaping "mag-". Ang estrukturang ito ay nagpapakita ng habitual action o paraan ng pagganap sa isang kilos (paggamit). Ang "mag kuan" ay ang sentrong pandiwa sa sugnay na naglalarawan kung paano ginagalaw o ginagamit ng paksa ang wika, na isang malinaw na syntactic indicator ng pagiging pandiwa nito.

Pangungusap 14. Ing-ana na siya ka kuan (ganyan siya ka kuan adventure)

Sa pahayag na "Ing-ana na siya ka kuan," ang kuan ay nagpapahiwatig ng isang paraan ng pag-iral o kilos na inilalarawan (adventure). Bagaman ito ay may katangiang tila pang-uri, sa kontekstong ito ng paglalarawan sa gawi o asal ng isang tao, ang "kuan" ay gumaganap bilang stative verb o pandiwang naglalarawan ng kalagayan ng pagkilos ng paksa.

Pangungusap 15. Ang kuan gyud niya iyang diwa (Ang kuan nangibabaw talaga ang nagging diwa)

Sa pangungusap na "Ang kuan gyud niya iyang diwa," ang kuan ay nagsisilbing pandiwa sapagkat ito ang nagpapahayag ng pangunahing kaganapan sa diwa ng pahayag. Ito ay pumapalit sa kilos na "nangibabaw." Ang justification nito ay nakabatay sa pagiging focus ng pangungusap kung saan ang kuan ang nagbibigay ng buhay at galaw sa "diwa" na siyang paksa ng usapan.

Pangungusap 16. Ako sa'y kuan Bam (Ako mona ang kuan gagamit Bam)

Sa "Ako sa'y kuan Bam," ang kuan ay gumaganap bilang pandiwa sa hinaharap o anyong nagnanais (volitional aspect). Pumapalit ito sa kilos na "gagamit." Ang syntactic role nito ay bilang pangunahing predikado na nagpapahayag ng balak o intensyon ng paksang "Ako," na nagpapakita na ang kuan ay may kakayahang magdala ng buong bigat ng isang aksyon kahit walang hayag na panlapi sa kolokyal na anyo.

Pangungusap 17. Naay kuan ato (May kuan kumuha non)

Sa "Naay kuan ato," ang kuan ay tumutukoy sa hindi kilalang tao na nagsagawa ng kilos (kumuha). Bagaman maaari itong ituring na simuno, ang gamit nito sa kontekstong ito ay madalas na isang clipped o pinaikling anyo ng "nag-kuan," kung saan ang aksyon ng pagkuha ang binibigyang-diin sa pangyayari. Ito ay nagsisilbing verbalized placeholder para sa isang hindi natukoy na aksyong naganap na.

Pangungusap 18. Mao raman ang gi kuan ni ma'am (Lyon lang ang kuan sinabi ni ma'am)

Sa pangungusap na "Mao raman ang gi kuan ni ma'am," ang salitang kuan ay isang ganap na pandiwa dahil sa panlaping "gi". Ang morpema na "gi" ay nagpapatunay na ang kuan ay nasa

aspektong naganap at nasa passive/patient focus. Ang estruktura ay nagpapakita na ang "gi kuan" ang aksyong isinagawa ng aktor na si "ma'am," na nagbibigay dito ng matibay na grammatical justification bilang pandiwa.

Batay sa mga nakalap na datos mula sa voice recording na obserbahan ng mga mananaliksik na ang salitang kuan ay hindi lamang nagsisilbing tagapuno kundi maaari ring gumanap bilang pandiwa sa iba't ibang pangungusap. Nakapagtala ang mga mananaliksik ng kabuuang 18 na pangungusap na ang kuan ay ginamit bilang kapalit ng tiyak na kilos o aksyon na hindi tuwirang binanggit ng nagsasalita. Makikita sa mga pangungusap na ang kuan bilang pandiwa ay karaniwang ginagamit kapag ang tagapagsalita ay naghahanap ng tamang salita o kaya naman ay nagpapahiwatig ng kilos na nauunawaan na sa konteksto ng usapan. Dahil dito ang kuan bilang pandiwa ay isang mahalagang estratehiya sa diskurso ng mga Cebuano at nagbibigay ito ng fleksibilidad sa pagpapahayag at nagpapadali sa daloy ng kanilang pagsasalita.

Talahanayan 3. Kuan bilang simuno

Pangungusap	Salin sa Filipino
1. Si kuan o Ilokano diay na <i>simuno</i>	Si kuan (Mark) ay Ilokano pala
2. Kuan ang word sa Ilokano kay <i>simuno</i> ayayten tika	Kuan (Ay), ang salita sa Ilokano ay ayayten tika
3. Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan word sa Ilonggo	Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan <i>simuno</i> (halimbawa) word sa Ilonggo
4. Ay kuan kining sa ako kay sa <i>simuno</i> bukid kay	Ay, kuan (sa amin) sa binukid
5. Kanang kuan sa aming <i>simuno</i> paniniwala sa talaandig	Kanang kuan (base) sa aming paniniwala sa talaandig
6. Sa kuan naman may <i>simuno</i> kahulugan ang bawat panaginip	Sa kuan (amin) naman may kahulugan ang bawat panaginip
7. Every ani or harvest kay kuan <i>simuno</i> may alay or ritual	Tuwing anihan ay kuan (mahalaga) na may alay o ritwal
8. Kanang mag kuan sila para <i>simuno</i> maipahatid ng tama.	Yung mag kuan (kakaisa) sila para maihaatid ng tama.
9. Ang tamang pagsalin ng kuan <i>simuno</i> wika ay importate para maiwasan ang hindi pagkakaintindihan	Ang tamang pagsalin ng kuan (mga) wika ay importate para maiwasan ang hindi pagkakaintindihan

Kuan bilang simuno

Pangungusap 1. Si kuan o Ilokano diay na (Si kuan Mark ay Ilokano pala)

Sa pahayag na "Si kuan o Ilokano diay na," ang salitang kuan ay nagsisilbing simuno na kumakatawan sa isang tiyak na tao (Mark). Ang

paggamit ng panandang "Si" bago ang kuan ay nagpapatunay na ito ay gumaganap bilang isang proper noun substitute. Sintaktikong naging paksa ito dahil ang panandang "Si" ay eksklusibong ginagamit sa mga ngalan ng tao na siyang sentro ng usapan.

Pangungusap 2. Kuan ang word sa Ilokano kay ayayten tika (Kuan Ay, ang salita sa Ilokano ay ayayten tika)

Sa pangungusap na "Kuan ang word sa Ilokano kay ayayten tika," ang kuan ay nagsisilbing simuno na tumutukoy sa isang konsepto. Ang posisyon nito bago ang mga detalye ng paliwanag ay nagpapakita na ito ang topic ng diskurso, kung saan ang buong sumunod na parirala ay nagsisilbing predikatibong paglalarawan sa "kuan" bilang isang terminong linggwistiko.

Pangungusap 3. Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan word sa Ilonggo (Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan halimbawa word sa Ilonggo)

Sa pahayag na "Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan word sa Ilonggo," ang kuan ay gumaganap bilang layon ng pandiwa. Mapapatunayan ito sa paggamit ng panandang "ng" (o sa konstrakstyong ng kuan), na nagpapakita na ito ang tumatanggap ng kilos na "magbigay." Dito, ang kuan ay isang lexical substitute para sa salitang "halimbawa."

Pangungusap 4. Ay kuan kining sa ako kay sa bukid kay (Ay, kuan sa amin sa binukid)

Sa pangungusap na "Ay kuan kining sa ako kay sa bukid kay," ang kuan ay lumilitaw bilang isang placeholder o hesitation marker. Mapapansin na wala itong malinaw na panandang gramatikal na nagkakabit sa kanya sa isang tungkulin; ito ay nagsisilbi lamang na hudyat ng pag-iisip bago tukuyin ang lokasyon o karanasan sa bukid.

Pangungusap 5. Kanang kuan sa aming paniniwala sa talaandig (Kanang kuan base sa aming paniniwala sa talaandig)

Sa pangungusap na "Kanang kuan sa aming paniniwala sa talaandig," ang kuan ay bahagi ng simuno na kumakatawan sa isang abstraktong konsepto. Ang paggamit ng "Kanang" (isang demonstrative marker sa Cebuano) ay nagpapatunay na ang kuan ay binibigyang-turing bilang isang tiyak na bagay o paniniwala sa loob ng estruktura ng pangungusap.

Pangungusap 6. Sa kuan naman may kahulugan ang bawat panaginip (Sa kuan amin naman may kahulugan ang bawat panaginip)

Sa pahayag na “Sa kuan naman may kahulugan ang bawat panaginip,” ang kuan ay bahagi ng isang pariralang pang-ukol. Dahil ito ay kasunod ng panandang “Sa,” ito ay gumaganap bilang object of the preposition. Ipinapakita nito na ang kuan ay tumatayong pamalit sa panghalip na “amin” o sa isang tiyak na pangkat.

Pangungusap 7. Every ani or harvest kay kuan may alay or ritual (Tuwing anihan ay kuan mahalaga na may alay o ritwal)

Sa pangungusap na “Every ani or harvest kay kuan may alay or ritual,” ang kuan ay gumaganap bilang bahagi ng panaguri (predicate). Sa estrukturang ito, ang “kuan” ay nagiging pansamantalang katumbas ng isang pang-uri o pandiwa (tulad ng “mahalaga” o “nangangailangan”) na nagbibigay-turing sa simunong “ani.”

Pangungusap 8. Kanang mag kuan sila para maipahatid ng tama. (Yung mag kuan kakaisa sila para maihatid ng tama.)

Sa pangungusap na “Kanang mag kuan sila para maipahatid ng tama,” ang kuan ay nagsisilbing isang pandiwa. Ang pagkakabit ng unlaping “mag” ay malinaw na ebidensya ng morpolohikal na proseso kung saan ang kuan ay inaako ang papel ng isang kilos, na sa kontekstong ito ay maaaring nangangahulugang “magpaliwanag” o “magsalin.”

Pangungusap 9. Ang tamang pagsalin ng kuan wika ay importate para maiwasan ang hindi pagkakaintindihan (Ang tamang pagsalin ng kuan mga wika ay importate para maiwasan ang hindi pagkakaintindihan)

Sa pangungusap na “Ang tamang pagsalin ng kuan wika ay importate,” ang kuan ay gumaganap bilang isang modayer o determiner sa loob ng simuno. Ito ay nasa ilalim ng kontrol ng panandang “ng” na nagpapakita ng pagmamay-ari o relasyon sa salitang “wika,” na nagsisilbing pamalit sa salitang “mga” o isang tiyak na kategorya ng wika.

Batay sa mga nakalap na datos mula sa voice recording, malinaw na ang salitang kuan ay nagagamit bilang simuno (subject) sa iba’t ibang pangungusap. Ipinapakita ng mga halimbawa na ang kuan ay nagsisilbing panukoy o pamalit sa

tiyak na tao, bagay, ideya, o konsepto na hindi tuwirang binabanggit ng nagsasalita.

Sa pagsusuri ng mga datos, napag-alaman na ang kuan bilang paksa ay karaniwang ginagamit sa mga sitwasyong hindi agad maalala, hindi nais banggitin, o hindi tiyak ang tinutukoy na salita. Nakapagtala ang mga mananaliksik ng kabuuang 39 na pangungusap na nagpapakita ng ganitong paggamit. Ipinahihiwatig ng datos na ang kuan bilang paksa ay nagsisilbing isang diskursibong estratehiya na nagpapadali sa komunikasyon. Gayunpaman, maaari rin itong magdulot ng kalabuan kung walang sapat na konteksto.

Talahanayan 4. Kuan bilang layon

Pangungusap	Salin sa Filipino
1. Hala unsa ni nga kuan imong gigamit bam? <i>layon</i>	Anong kuan (bagay) ang iyong Ginamit bam?
2. Diri sa kuan nako biography <i>layon</i>	Diri sa kuan (kwaderno) nako biography
3. Record sa kuan <i>layon</i>	Record sa kuan (cellphone)
4. Ahh... ang isa ka kuan <i>layon</i>	Ang isang kuan (papel)
5. Naa koy kuan ari nay kan-on <i>layon</i>	May kuan (lalagyan) ako ng pagkain dito at may kanin
6. Kuan ilang ppt <i>layon</i>	Kuan (Maganda) ang kanilang PowerPoint
7. Ang kuan ba ni Claire <i>layon</i>	Ang kuan (bag) ni Claire

Kuan bilang layon

Pangungusap 1. Hala unsa ni nga kuan imong gigamit bam? (Anong kuan bagay ang iyong ginamit bam?)

Sa pangungusap na ito, ang kuan ay nagsisilbing tuwirang layon sa loob ng isang interrogative construction. Ang paggamit ng pang-angkop na nga ay nagpapatunay na ang kuan ay tumatayong pangngalan na tumatanggap sa kilos ng pandiwang gigamit. Bagaman ang kuan ay isang placeholder, ang posisyon nito matapos ang demonstrative pronoun na ni at bago ang relative clause ay nagpapakita na tinutupad nito ang sintaktikong pangangailangan ng pandiwa para sa isang partikular na argument o bagay na ginagamit.

Pangungusap 2. Diri sa kuan nako biography (Diri sa kuan kwaderno nako biography)

Ang salitang kuan ay ginamit dito bilang layon ng pang-ukol. Ang marker na sa ay nagsisilbing hudyat na ang kasunod na salita ay isang locative o instrumental argument. Sa ganitong estruktura, ang kuan ay hindi lamang pansamantalang hinto,

ito ang nagsisilbing syntactical anchor para sa pagtukoy ng kinalalagyan ng biography. Ipinapakita nito na ang kuan ay may kakayahang pumalit sa isang konkretong pangngalan nang hindi nasisira ang ugnayan ng mga bahagi ng pananalita sa loob ng parirala.

Pangungusap 3. Record sa kuan (Record sa kuan cellphone)

Sa maikling pahayag na ito, ang kuan ay gumaganap bilang instrumental object na pinangungunahan ng case marker na sa. Ang pandiwang record ay nangangailangan ng instrumentong gagamitin sa kilos. Ang kuan ang pumupuno sa slot na ito, na nagpapatunay na sa ilalim ng unawa ng nagsasalita at tagapakinig, ang kuan ay may sapat na sintaktikong bigat upang maging kinatawan ng isang kasangkapan o gadget, na sa kontekstong ito ay ang cellphone.

Pangungusap 4. Ahh... ang isa ka kuan (Ang isang kuan papel)

Sa pangungusap na ito, ang kuan ay lumilitaw bilang layon sa loob ng isang noun phrase na pinangungunahan ng determiner na ang at numeral modifier na isa ka. Ang presensya ng ka bilang linker sa Cebuano bago ang kuan ay isang malinaw na indikasyon na ang kuan ay tinatrato ng sistemang gramatikal bilang isang pangngalan. Ang papel nito bilang layon ay makikita sa kung paano ito nagiging pokus ng atensyon ng nagsasalita, na nagsisilbing pinal na elemento na nagbibigay-ganap sa parirala bago ang pagtukoy sa papel.

Pangungusap 5. Naa koy kuan ari nay kan-on (May kuan lalagyan ako ng pagkain dito at may kanin)

Sa pangungusap na ito, ang kuan ay ginamit bilang layon ng pagkakaroon matapos ang salitang naa o mayroon sa Filipino. Ang enclitic pronoun na ko at ang ligaturang Y ay nagtatakda na ang susunod na salita ay ang bagay na pagmamay-ari o naroroon. Dito, ang kuan ay hindi lamang filler kundi ang mismong argument na hinihingi ng existential marker. Ito ay nagpapakita ng kakayahan ng kuan na magdala ng semantikong impormasyon tungkol sa isang lalagyan, habang pinapanatili ang tamang daloy ng sintaks.

Pangungusap 6. Kuan ilang ppt (Kuan maganda ang kanilang PowerPoint)

Ang paggamit ng kuan sa pangungusap na ito ay maaaring suriin bilang isang predicate placeholder o isang panimulang elemento na naglalarawan sa layon. Bagaman madalas itong ituring na filler, ang posisyon nito bago ang possessive pronoun na ilang ay nagpapahiwatig na ito ang tumatayong deskripsyon o modifier para sa paksa. Sa pagsusuring sintaktiko, ang kuan ay nagiging pansamantalang layon ng atensyon na nagbibigay-daan sa pagbuo ng kaisipan tungkol sa kalidad ng PowerPoint presentation.

Pangungusap 7. Ang kuan ba ni Clear (Ang kuan bag ni Clear)

Sa pangungusap na ito, ang kuan ay nagsisilbing layon ng pag-aari. Dahil ito ay napapalooban ng marker na ang at sinusundan ng genitive marker na ni, malinaw na ang kuan ay gumaganap bilang pangngalang pag-aari ni Clear. Ang istrukturang ito ay nagpapatunay na ang kuan ay isang versatile na placeholder na sumusunod sa mga tuntunin ng case marking sa wikang Austronesian, kung saan ang posisyon nito ay nagdidikta ng relasyon nito sa iba pang pangngalan sa loob ng pangungusap.

Batay sa pagsusuri ng mga mananaliksik sa kabuuang pitong (7) pangungusap na naglalaman ng salitang kuan, napag-alaman na ang nasabing salita ay ginamit bilang layon (object) sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Sa bawat pangungusap, ang kuan ay nagsisilbing pamalit sa tiyak na bagay, na kadalasang nauunawaan lamang batay sa sitwasyon o konteksto ng pag-uusap.

Ipinakita sa Talahanayan 4 na ang kuan ay maaaring tumukoy sa iba't ibang bagay tulad ng gamit, kuwaderno, cellphone, papel, lalagyan, at bag. Sa ganitong paraan, nagiging flexible ang paggamit ng salita dahil napapalitan nito ang tiyak na pangngalan nang hindi nawawala ang kahulugan ng pangungusap.

Dagdag pa rito, napansin na ang paggamit ng kuan bilang layon ay karaniwang makikita sa di-pormal na usapan. Ito ay nagpapahiwatig ng pagiging totoo ng mga nagsasalita sa paglalahad, lalo na kung ang sasabihin ay hindi agad maisip o hindi kaaya-aya sa isang usapan. Dahil dito, ang salitang kuan ay isang kabilang ng elemento sa diskurso, partikular sa mga sitwasyong nangangailangan ng mabilis at di-pormal na komunikasyon, habang nananatiling malinaw ang mensahe sa pagitan ng

mga

tagapagsalita.

Talahanayan 5. Kuan bilang panuring sa paksa

Pangungusap	Salin sa Filipino
1. Recil si kuan ba gwapa <i>pp</i>	Recil si kuan (Sheila) ay maganda
2. Unsa pa Megs chada man gud siya kay kuan ba	Ano pa megas maganda kasi siya kuan (kakaiba)
3. Sina ang mga Ilonggo is Kuan ang positive vibes <i>pp</i>	Ang mga Ilonggo ay kuan (palaging) positibo ang dating
4. Kuan kayna siya	Kuan (Napakaganda) niya talaga
5. Diba ang semantika ay sa kuan uhm sa kahulugan sa kailangan talaga natin ng masusing proseso ng pagsasalin upang maunawaan. <i>pp</i>	Diba ang semantika ay sa kuan (kahulugan) na kailangan talaga natin ng masusing proseso ng pagsasalin upang maunawaan.
6. Sa Epiko ng mga Ilocano na ang lam-ang ahh tungkol sa kuan ni lam-ang <i>pp</i>	Sa Epiko ng mga Ilocano na ang lam-ang tungkol sa kuan (pambihirang) lakas ni lam-ang
7. Literal translation uhm layunin nitong mapanatili ang kuan ng teksto <i>pp</i>	Literal translation uhm layunin nitong mapanatili ang eksaktong kuan (kahulugan) ng teksto
8. Kuan siyang masaya <i>pp</i>	Kuan (Palagi) siyang masaya

Kuan bilang panuring sa paksa

Pangungusap 1. Recil si kuan ba gwapa (Recil si kuan Sheila ay maganda)

Sa pahayag na ito, ang salitang kuan ay nagsisilbing isang placeholder na may sintaktikong tungkulin bilang panuring sa paksa. Matatagpuan ito sa loob ng nuon phrase na pinangugunahan ng marker na si, na nagpapahiwatig na ang kuan ay pansamantalang pangkilala sa tiyak na ngalan ng tao. Ang paggamit nito ay hindi lamang isang tagapuno kundi isang tunay na sintaktikong operasyon dahil pinupuna nito ang lexical slot na kinakailangan upang makulpleto ang pagpapakilala sa simuno bago ibigay ang predikadong gwapa.

Pangungusap 2. Unsa pa Megs chada man gud siya kay kuan ba (Ano pa megas maganda kasi siya kuan kakaiba)

Ang salitang kuan sa kontekstong ito ay gumaganap bilang isang predicate complement na nagbibigay-turing sa katangian ng paksa. Dahil ito ay kasunod ng pangatnig na kay, ang kuan ay nagsisilbing adjectival proxy na naglalarawan sa siya. Ang sintaktikong katuwiran nito ay nakabatay sa pagiging modifier na nagpapaliwanag ng sanhi o rason; bagaman walang tiyak na leksikal na kahulugan, ang posisyon nito sa dulo ng sugnay ay nagbibigay ng pragmatikong diin sa espesyal na katangian ng tinutukoy na simuno.

Pangungusap 3. Sina ang mga Ilonggo is Kuan ang positive vibes (Ang mga Ilonggo ay kuan palaging positibo ang dating)

Sa estrukturang ito, ang kuan ay nagsisilbing isang intensive modifier sa loob ng predikado. Matapos

ang linker na is, ang kuan ay pumapasok bilang tagapamagitan na naghahanda sa mambabasa para sa deskripsyong positive vibes. Ang functional role nito ay ang pagiging predicative placeholder na nagpapatatag sa ugnayan ng paksa at ng kanilang katangian. Ipinapakita nito na ang kuan ay may kakayahang humawak ng sintaktikong posisyon na karaniwang inilalaan para sa mga degree adverbs o qualifiers.

Pangungusap 4. Kuan kayna siya (Kuan Napakaganda niya talaga)

Ang salitang kuan sa pangungusap na ito ay may tungkulin bilang isang panuring sa pang-uri. Sa pamamagitan ng pag-okupa sa initial position bago ang salitang kayna, ang kuan ay nagsisilbing intensifier na nagbibigay ng karagdagang bigat sa deskripsyon ng paksa. Ang sintaktikong katibayan nito ay makikita sa kung paano nito binabago ang intensidad ng pang-uri, na nagpapatunay na ang placeholder na ito ay sumusunod sa estruktural na batas ng pagbibigay-turing sa loob ng isang pangungusap.

Pangungusap 5. Diba ang semantika ay sa kuan uhm sa kahulugan sa kailangan talaga natin ng masusing proseso ng pagsasalin upang maunawaan. (Diba ang semantika ay sa kuan kahulugan na kailangan talaga natin ng masusing proseso ng pagsasalin upang maunawaan.)

Sa pangungusap na ito, ang kuan ay gumaganap bilang isang prepositional object placeholder. Matatagpuan ito sa loob ng prepositional phrase na nagsisimula sa marker na sa, na nagpapahiwatig na ang sintaktikong tungkulin nito ay maging layon ng pang-ukol. Pinipigilan din nito ang pagkaputol ng daloy ng diskurso habang ang tagapagsalita ay naghahanap ng tamang terminolohiya na maglalarawan sa paksang semantika.

Pangungusap 6. Sa Epiko ng mga Ilocano na ang lam-ang ahh tungkol sa kuan ni lam-ang (Sa Epiko ng mga Ilocano na ang lam-ang tungkol sa kuan pambihirang lakas ni lam-ang)

Sa pangungusap na ito, ang salitang kuan ay gumaganap bilang isang possessive construction placeholder dahil ito ay matatagpuan sa pagitan ng marker na sa at ng pangngalang ni Lam-ang, ang sintaktikong tungkulin nito ay magsilbing pansamantalang lalagyan ng isang abstraktong katangian. Pinapanatili nito ang relasyon ng pagmamay-ari sa loob ng estruktura.

Pinatutunayan nito na ang kuan ay may kakayahang humawak ng posisyon ng isang pangngalan o pang-uri na nagbibigay-turing sa pag-aari ng paksa.

Pangungusap 7. Literal ranslation uhm layunin nitong mapanatili ang kuan ng teksto (Literal ranslation uhm layunin nitong mapanatili ang eksaktong kuan kahulugan ng teksto)

Ang salitang kuan sa kontekstong ito ay nagsisilbing pangunahing panuring na tumatanggap ng determiners na ang. Ang sintaktikong katuwiran nito ay nakabatay sa pagiging proxy para sa isang essential attribute na iniuugnay sa teksto. Bilang isang functional category, ang kuan ay nagiging kritikal sa pagpapanatili ng semantikong daloy ng layunin ng pangungusap, kung saan kinakatawan nito ang isang tiyak na konsepto na hindi agad maipahayag ngunit malinaw na sumusunod sa batas ng gramatika ng wikang Filipino/Cebuano.

Pangungusap 8. Kuan siyang masaya (Kuan palagi siyang masaya)

Sa pahayag na ito, ang kuan ay ginamit bilang panuring sa buong kalagayan ng paksa. Matatagpuan ito sa pinakasimula ng pangungusap, na nagpapahiwatig na ang tungkulin nito ay magbigay ng modaliti o antas ng kadalasan sa emosyong nararamdaman ng simunong siya. Ang paggamit nito ay tunay na sintaktiko sapagkat nagsisilbi itong modifier na nagtatakda ng konteksto ng predikadong masaya, na nagpapakita na ang kuan ay hindi lamang basta pampuno kundi isang aktibong bahagi ng pagbuo ng deskripsyon sa katangian ng paksa.

Batay sa pagsusuri ng mga mananaliksik sa walong (8) pangungusap na naglalaman ng salitang kuan, napag-alaman na ito ay ginamit bilang subject complement o panuring sa simuno. Sa ganitong gamit, ang kuan ay nagsisilbing pamalit sa mga salitang naglalarawan o nagbibigay-turing sa paksa ng pangungusap.

Makikita sa Talahanayan 5 na ang kuan ay maaaring tumukoy sa iba't ibang katangian o paglalarawan tulad ng maganda, kakaiba, palaging positibo, napakaganda, kahulugan, pambihirang lakas, at iba pa. Ipinapakita nito na ang salita ay hindi lamang ginagamit bilang pantukoy sa bagay, kundi maaari ring magsilbing panuring na nagbibigay-karagdagang impormasyon tungkol sa simuno.

Dagdag pa rito, ang paggamit ng kuan bilang panuring sa simuno ay nagpapakita ng pagiging malikhain at kontekstuwal ng wika, lalo na sa impormal na diskurso. Sa halip na direktang banggitin ang tiyak na paglalarawan, ginagamit ang kuan bilang pansamantalang kapalit na inuunawaan batay sa konteksto ng usapan at sa kaalaman ng mga tagapagsalita.

Talahanayan 6. Kuan bilang panuring sa layon

Pangungusap	Salin sa Filipino
1. Grabe ka kuan bam ang imong bulak <i>pl</i>	Subrang kuan (ganda) ng inyong bulaklak bam

Kuan bilang panuring sa layon

Pangungusap 1. Grabe ka kuan bam ang imong bulak (Subrang kuan ganda ng iyong bulaklak bam)

Sa pangungusap na, “Grabe ka kuan bam ang imong bulak,” ang salitang kuan ay ginamit bilang sintaktikong panuring na gumaganap bilang placeholder. Ang posisyon nito bago ang simunong bulak ay nagpapatunay na ang tungkulin nito ay deskriptibo, kung saan pansamantala nitong kinakatawan ang isang pang-uri. Hindi lamang ito simpleng singit bagkus ito ay tunay na sintaktiko sapagkat pinananatili nito ang estruktural na ugnayan ng predikado at paksa habang nagaganap ang lexical retrieval. Samakatuwid, ang kuan ay nagiging bahagi ng sintaktikong operasyon bilang proxy na nagtataglay ng gramatikal na tungkulin ng isang panuring.

Makikita sa mga Talahanayan 2, 3, 4, 5 at 6 ang iba't ibang tungkuling ginagampanan ng salitang kuan sa loob ng pangungusap batay sa mga nakalap na datos mula sa voice recordings ng mga respondente. Sa isinagawang pagsusuri, natukoy na ang kuan ay maaaring gamitin bilang simuno, pandiwa, layon, panuring sa simuno, at panuring sa layon. Mula sa kabuuang bilang ng mga naitalang pahayag, lumitaw na ang kuan bilang simuno ang may pinakamataas na bilang na 39, sinundan ng kuan bilang pandiwa na may 18, panuring sa simuno na may 8, layon na may 7, at panuring sa layon na may 1. Ipinahihiwatig ng distribusyong ito na ang salitang kuan ay hindi lamang simpleng filler o salitang pampuno sa usapan, kundi isang mahalagang bahagi ng estruktura ng pangungusap na may kakayahang gumanap sa iba't ibang posisyon depende sa konteksto ng paggamit nito.

Batay sa pagsusuri ng mga mananaliksik sa paggamit ng salitang kuan bilang panuring sa

layon sa mga pangungusap. Batay sa halimbawa, ang kuan ay ginagamit bilang pamalit sa salitang naglalarawan sa layon ng pangungusap. Halimbawa, sa pangungusap na “Grabe ka kuan bam ang imong bulak,” isinalin ito sa Filipino bilang “Sobrang kuan (ganda) ng inyong bulaklak bam,” kung saan ang kuan ay tumutukoy sa katangian ng bulaklak. Dahil dito, ang panuring sa layon ay mga salitang nagbibigay ng karagdagang paglalarawan o impormasyon tungkol sa direct object sa pangungusap. Sa mga halimbawang ito, ang mga salitang dapat sana’y naglalarawan ay pinapalitan ng kuan, na nagsisilbing panakip o pansamantalang salita kapag hindi agad matukoy o maalala ang eksaktong termino.

Batay sa mga datos, mas madalas gamitin ang kuan bilang simuno. Ipinahihiwatig nito na karaniwan itong nagsisilbing pansamantalang pamalit sa pangalan ng tao, bagay, konsepto, o ideya na siyang paksa ng pangungusap. Sa mga pagkakataong hindi agad maalala o mabanggit ng nagsasalita ang eksaktong salitang nais niyang tukuyin, ang kuan ang nagiging alternatibong salita upang maipagpatuloy ang kanyang pahayag. Kasunod nito, mapapansin ding mataas ang paggamit ng kuan bilang pandiwa, na nagpapakita na nagagamit din ito bilang pansamantalang pamalit sa mga kilos o aksyon sa loob ng pangungusap. Mahalaga ito sapagkat ipinakitang maging ang pandiwa, na isa sa mga sentrong bahagi ng pangungusap, ay maaaring pansamantalang mapunan ng kuan upang hindi maputol ang daloy ng pagsasalita.

Samantala, ang paggamit ng kuan bilang layon, panuring sa simuno at panuring sa layon, bagaman mas mababa ang bilang, ay patunay pa rin ng lawak ng kakayahang gramatikal ng salitang ito. Ang paggamit nito bilang layon ay nagpapakita na maaari itong pumalit sa layon o bagay na tumatanggap ng kilos, samantalang ang paggamit nito bilang panuring sa simuno at panuring sa layon ay nagpapahiwatig na maaari rin itong gumana bilang paglalarawan o panuring sa paksa o layon ng pangungusap. Mula rito, masasabing ang kuan ay hindi lamang basta salita ng pag-aatubili, kundi isang lingguwistikong yunit na nagagamit ng mga tagapagsalita upang punan ang kakulangan sa eksaktong bokabularyo habang napananatili ang lohika at daloy ng kanilang pahayag.

Ipinahihiwatig ng mga natuklasan na ang salitang kuan ay isang multi-funksiyonal at kontekstwal na

elemento ng wika na may mahalagang papel sa aktwal na komunikasyon ng mga mag-aaral. Sa aspektong sintaktiko, pinatutunayan ng resulta na ang kuan ay may kakayahang pumalit sa iba’t ibang bahagi ng pangungusap at mapanatili ang batayang estruktura ng pahayag. Ibig sabihin, kahit pansamantalang salitang pamalit lamang ito, nagagawa pa rin nitong gampanan ang tungkulin ng mga salitang karaniwang ginagamit bilang simuno, pandiwa, layon, o panuring. Dahil dito, makikitang ang kuan ay hindi lamang simpleng salitang walang saysay, kundi isang salitang may aktuwal na papel sa pagbuo ng pangungusap.

Ang natuklasan ito ay umaayon sa pananaw nina Daniël Van Olmen at Jolanta Šinkūnienė (2021), na nagsasaad na ang mga pragmatic markers ay may mahalagang tungkulin sa pagbuo, pag-uugnay, at pagpapanatili ng organisasyon ng diskurso. Ayon sa kanila, ang mga ganitong yunit ng wika ay nakatutulong upang maging mas maayos at mas madaling maunawaan ang daloy ng usapan, lalo na sa natural at impormal na komunikasyon. Sa ganitong pananaw, maaaring maituring ang kuan bilang isang diskursibong pananda na tumutulong sa nagsasalita upang maipagpatuloy ang kanyang pahayag kahit hindi pa niya ganap na matukoy ang eksaktong salitang nais niyang gamitin.

Sinusuportahan din ito ni Laurel J. Brinton (2017), na nagsabing ang mga pragmatic markers ay nagkakaroon ng kabuluhan batay sa aktwal na gamit ng mga ito sa usapan at sa kontekstong kinalalagyan nito. Ipinahihiwatig nito na ang kahulugan ng isang salita ay hindi lamang nakapaloob sa literal nitong anyo, kundi mas higit na nabubuo sa paraan ng paggamit nito sa pakikipagkomunikasyon. Kaugnay nito, makikitang ang kuan ay hindi nakapirmi ang kahulugan, kundi nagbabago depende sa sitwasyon, tono ng pagsasalita, at sa pinagsasaluhang kaalaman ng nagsasalita at tagapakinig. Dahil dito, ang kuan ay nagsisilbing isang pragmatikong estratehiyana tumutulong sa pagpapatuloy ng mensahe at pagpapanatili ng pag-unawa sa loob ng usapan.

Mula sa mga resulta, makikitang may malaking impluwensiya ang wikang Bisaya at ang lokal na kultura ng pakikipagtalastasan sa paghubog sa gamit ng kuan bilang bahagi ng araw-araw na diskurso. Dahil dito, ang kuan ay hindi lamang filler, kundi isang likas at makabuluhang sangkap ng komunikasyon na nagpapakita ng dinamiko at kontekstwal na kalikasan ng wika.

Batay sa mga resulta ng bawat talahanayan, lumilitaw na ang salitang kuan ay may malawak at mahalagang tungkulin sa loob ng pangungusap. Ayon sa mga nakalap na datos, ito ay nagagamit bilang simuno (39), pandiwa (18), layon (7), panuring sa simuno (8), at panuring sa layon (1). Ipinahihiwatig ng mga bilang na ito na ang kuan ay hindi lamang simpleng tagapuno o salitang pampuno, kundi isang makabuluhan, flexible, at multi-funksiyonal na yunit ng wika na tumutulong sa pagpapanatili ng daloy, kaayusan, at kabuluhan ng komunikasyon. Sa gayon, pinatutunayan ng pag-aaral na ang kuan ay isang mahalagang bahagi ng diskursong Bisaya na nagpapakita ng dinamiko at kontekstwal na kalikasan ng wika sa aktwal na paggamit nito.

Kuan bilang sintaks at pragmatiks

Sa konteksto ng sintaks, malinaw ang tungkulin ng kuan sa estruktura ng pangungusap kahit hindi tinutukoy ang eksaktong bagay. Ipinapakita nito na ang kuan ay maaaring magsilbing pamalit sa pangngalan maaaring tumukoy sa tao, hayop, bagay, o pangyayari habang napapanatili ang wastong kaayusan at kahulugan ng pangungusap.

Samantala, sa konteksto ng pragmatiks, hindi direktang binabanggit ang tinutukoy ng kuan, ngunit naiintindihan ito ng kausap batay sa kanilang shared knowledge o mga naunang napag-usapan. Ipinapakita nito na ang kahulugan ng kuan ay nakadepende sa sitwasyon at hindi lamang sa estruktura ng pangungusap. Bukod dito, nagagamit din ang kuan bilang stratehiya ng nagsasalita upang makapag-isip o makapagbigay ng pansamantalang puwang habang ipinagpapatuloy ang pagpapahayag.

Talahanayan 8. Kuan bilang sintaks at pragmatiks

Sintaks	Pragmatiks
Si kuan Mark o Ilokano diay na. (Si kuan Mark ay Ilokano pala)	Kuan ay ang word sa Ilokano kay ayayaten tika. (Ay, ang salita sa Ilokano ay ayayaten tika)
Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan halimbawa word sa Ilonggo. (Bb. Ariola magbigay ka rin ng halimbawang salita sa Ilokano)	Ay kuan sa amin kining sa ako kay sa bukid kay. (Ay, kuan sa amin sa binukid)
Sa kuan amin naman may kahulugan ang bawat panaginip.	Every ani or harvest kay kuan importante may alay or ritual. (Tuwing anihan ay kuan mahalaga na may alay o ritwal)
Ang tamang pagsalin ng kuan wika ay importante para maiwasan ang hind pagkakaintindihan.	Kanang kuan base sa aming paniniwala sa talaandig. (Kanang kuan base sa aming paniniwala sa talaandig)
Kadtong mga kuan nagsayaw ba. (Yung mga kuan sumasayaw)	Kanang mag kuan kakaisa sila para malpahatid ng tama. (Yung mag kuan kakaisa sila para maihatid ng tama)

Kuan bilang sintaks

Pangungusap 1. Si kuan Mark o Ilokano diay na. (Si kuan Mark ay Ilokano pala)

Sa aspetong sintaktika, ang salitang kuan ay nagsisilbing pananda na nakaposisyon bago ang tiyak na pangngalang Mark, na nagpapanatili sa maayos na daloy ng paksa sa loob ng pangungusap. Sa kabilang banda, sa perspektibong pragmatika, ang paggamit ng kuan ay nagsisilbing isang panandaliang hinto habang sinusubukan ng nagsasalita na alalahanin ang tiyak na pangalan. Ang pagsasama ng dalawang konseptong ito ay nagpapakita na kahit may pag-aalinlangan sa pag-alala, hindi nawawala ang gramatikal na integridad ng pahayag dahil ang kuan ay nagsisilbing placeholder na nagbibigay-senyas sa kausap na may tiyak na impormasyong kasunod, kaya nananatiling malinaw ang interpretasyon sa gitna ng usapan.

Pangungusap 2. Bb. Ariola magbigay ka rin ng kuan halimbawa word sa Ilonggo. (Bb. Ariola magbigay ka rin ng halimbawang salita sa Ilokano)

Ang pangungusap na ito ay nagpapakita ng sintaktikong papel ng kuan bilang isang panuring sa salitang halimbawa, kung saan hindi nito naba-balewala ang estruktura ng paghingi ng impormasyon. Sa antas ng pragmatika, ang kuan ay ginagamit bilang isang hesitation marker na nagpapahiwatig ng pag-iisip o pagpili ng tamang salita sa isang pormal na interaksyon sa loob ng klase. Bagaman malinaw ang hinihinging halimbawa batay sa sintaks, ang pragmatikong epekto nito ay ang paglikha ng isang natural na diskurso kung saan pinupunan ng kuan ang espasyo ng pag-aalinlangan nang hindi nawawala ang layunin ng komunikasyon.

Pangungusap 3. Sa kuan amin naman may kahulugan ang bawat panaginip.

Sa estrukturang sintaktika, ang kuan ay gumaganap bilang pamalit sa pangngalan sa loob ng isang pariralang pang-ukol, na nagpapanatili sa ugnayan ng mga bahagi ng pananalita. Pragmatikong tinitingnan ang paggamit ng salitang ang kahulugan ay nakadepende sa ibinahaging kaalaman sa pagitan ng nagsasalita at nakikinig. Makikita rito na ang kakayahan ng kuan na kumatawan sa isang lugar o grupo kahit kulang ang tiyak na detalye sa estruktura, nabubuo ang

kahulugan dahil sa aspetong pragmatiko kung saan ang kuan ay nagpapatatag ng pagkakaintindihan.

Pangungusap 4. Ang tamang pagsalin ng kuan wika ay importante para maiwasan ang hind pagkakaintindihan.

Ang salitang kuan sa pangungusap na ito ay may sintaktikong tungkulin bilang panuring sa paksang wika, na nagpapakita na ang estruktura ay nananatiling buo at lohikal. Sa pananaw ng pragmatika, ang kuan dito ay gumaganap bilang isang mekanismo upang bigyang-diin ang kasunod na mahalagang termino. Malinaw na makikita sa kung paano inihahanda ng kuan ang pandinig ng kausap habang ang sintaks ay nagbibigay ng tamang puwesto sa salita, ang pragmatiks naman ang nagtatakda ng pokus o atensyon sa mensahe, na nagreresulta sa isang epektibong paghahatid ng seryosong kaisipan tungkol sa pagsasalin.

Pangungusap 5. Kadtong mga kuan nagsayaw ba. (Yung mga kuan sumasayaw)

Sa pangungusap na ito, ang kuan ay sintaktikong ginamit bilang panuring o pamalit na tumutukoy sa salitang mga, na bumubuo sa paksa ng pangungusap sa kabila ng kawalan ng tiyak na pangalan. Ang pragmatikong halaga nito ay nakasalig sa situational context, ginagamit ito kapag ang tinutukoy ay literal na nakikita o kasalukuyang bahagi ng kapaligiran ng mga nag-uusap. Ang sintaks ang nagbibigay ng balangkas sa pagtatanong, samantalang ang pragmatiks ang nagbibigay ng laman o pagkakakilanlan sa kuan batay sa kung sino ang kasalukuyang sumasayaw sa harap ng mga kalahok sa diskurso.

Kuan bilang Pragmatiks

Pangungusap 1. Kuan ay ang word sa Ilokano kay ayayaten tika. (Ay, ang salita sa Ilokano ay ayayaten tika)

Ang pangungusap na ito, ang salitang kuan ay ginamit bilang place holder sapagkat pumapalit ito sa tiyak na salitang hindi agad mabanggit ng nagsasalita. Sa aspektong sintaktik, nagsisilbi itong pamalit sa pangngalan o konseptong tinutukoy sa loob ng pangungusap kaya nananatiling buo ang estruktura ng pahayag. Sa aspektong pragmatiko, nauunawaan pa rin ng kausap ang kahulugan dahil malinaw sa konteksto ng usapan na tumutukoy ito sa isang salitang Ilokano na “ayayaten tika.” Ipinapakita nito na

kahit hindi tahasang mabanggit ang salita, nagiging epektibo pa rin ang komunikasyon dahil sa ibinahaging kaalaman ng nagsasalita at kausap.

Pangungusap 2. Ay kuan sa amin kining sa ako kay sa bukid kay. (Ay, kuan sa amin sa binukid)

Ang pangungusap na ito, ang salitang kuan ay ginamit bilang pause filler dahil nagsisilbi itong pansamantalang hinto habang inaalala ng nagsasalita ang tamang salita o ekspresyon. Sa sintaktikong pananaw, hindi nito sinisira ang ayos ng pangungusap dahil nananatili pa rin ang ugnayan ng mga salita sa pahayag. Sa pragmatikong pananaw, ginagamit ang kuan upang mapanatili ang daloy ng usapan habang pinoproseso ng nagsasalita ang nais niyang sabihin. Nauunawaan pa rin ito ng kausap dahil sa kontekstong tumutukoy sa wikang ginagamit sa kanilang lugar o sa bukid.

Pangungusap 3. Every ani or harvest kay kuan importante may alay or ritual. (Tuwing anihan ay kuan mahalaga na may alay o ritwal)

Ang pangungusap na ito, ang salitang kuan ay ginamit bilang place holder sapagkat pansamantala nitong pinapalitan ang salitang “importante” o ang ideya ng kahalagahan ng ritwal sa panahon ng anihan. Sa sintaktikong aspekto, nagsisilbi itong pananda sa bahaging naglalarawan sa paksa kaya nananatiling maayos ang estruktura ng pangungusap. Sa pragmatikong aspekto, nabibigyang-kahulugan ito ng kausap batay sa konteksto ng usapan tungkol sa kahalagahan ng alay o ritwal sa ani. Ipinapakita nito na nagagamit ang kuan upang punan ang pansamantalang kakulangan sa eksaktong salita habang hindi napuputol ang komunikasyon.

Pangungusap 4. Kanang kuan base sa aming paniniwala sa Talaandig. (Kanang kuan base sa aming paniniwala sa Talaandig)

Ang pangungusap na ito, ang salitang kuan ay ginamit bilang discourse marker dahil tumutulong ito sa pag-uugnay at pag-oorganisa ng ideya ng nagsasalita hinggil sa paniniwala ng mga Talaandig. Sa sintaktikong pananaw, nagsisilbi itong panimulang elemento bago ilahad ang pangunahing ideya ng pangungusap. Sa pragmatikong pananaw, ginagamit ito upang magbigay ng palugit habang inaayos ng nagsasalita ang kaniyang sasabihin. Nauunawaan pa rin ito ng kausap dahil ang konteksto ng

pahayag ay malinaw na tumutukoy sa paniniwala o tradisyon ng mga Talaandig.

Pangungusap 5. Kanang mag kuan kakaisa sila para maipahatid ng tama. (Yung mag kuan kakaisa sila para maihatid ng tama)

Ang pangungusap na ito, ang salitang kuan ay ginamit bilang place holder sapagkat pumapalit ito sa tiyak na kilos o proseso na nais tukuyin ng nagsasalita. Sa sintaktikong aspekto, gumaganap ito bilang bahagi ng pariralang pandiwa kaya nananatiling malinaw ang estruktura ng pangungusap. Sa pragmatikong aspekto, nagiging malinaw pa rin ang mensahe dahil ipinahihiwatig ng konteksto na tumutukoy ito sa pagkakaisa upang maipahayag nang tama ang isang bagay. Ipinakikita nito na ang kahulugan ng kuan ay nabubuo hindi lamang sa salita kundi pati sa sitwasyon ng usapan.

Sa kabilang banda, sa pragmatiks, ang kahulugan ng kuan ay higit na nakabatay sa konteksto ng paggamit nito. Hindi ito nagtataglay ng tiyak o permanenteng kahulugan, bagkus ay nagiging makabuluhan lamang sa pamamagitan ng sitwasyon, intensyon ng nagsasalita, at sa pagbabahaging kaalaman ng mga kalahok sa komunikasyon. Ang paggamit ng kuan ay nagsisilbing estratehiya upang makapagbigay ng oras sa pag-iisip, mapanatili ang tuloy-tuloy na daloy ng diskurso, at maiwasan ang biglaang paghinto sa pagsasalita. Dagdag pa rito, makikita rin na ang kuan ay gumaganap bilang isang discourse marker na tumutulong sa pag-oorganisa ng ideya sa loob ng usapan. Sa pamamagitan nito, nagiging mas maayos ang daloy ng komunikasyon kahit pa hindi ganap ang istruktura ng pangungusap. Ang ganitong katangian ay nagpapatunay na ang kuan ay may dobleng tungkulin bilang pragmatikong tagapagpahiwatig ng kahulugan. Ayon sa pag-aaral ni Goldman-Eisler (2018), may mga pisyolohikal na dahilan ang paggamit nito, tulad ng pagbibigay ng pagkakataon sa nagsasalita na makahinga o makapag-isip bago ipagpatuloy ang pahayag. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang kuan ay hindi lamang simpleng salitang tagapuno, kundi isang mahalagang bahagi ng diskurso na tumutulong sa daloy ng pag-uawala sa komunikasyon.

Sa talahanayan na ito ipinapakita na ang kuan ay isang multi-funksiyonal na elemento ng wika na may mahalagang papel sa aktwal na paggamit ng diskurso. Hindi ito dapat ituring na simpleng

pagkakamali o kakulangan sa pagsasalita, kundi isang estratehikong kasangkapan na nagpapadali sa komunikasyon. Pinatutunayan ng datos na ang kuan ay nagsisilbing tulay sa pagitan ng estruktura ng wika at ng kahulugang nabubuo sa konteksto, na lalong nagiging mahalaga sa larangan ng pagsasalin kung saan kinakailangan ang mas malalim na pag-unawa sa intensyon at sitwasyong pinanggagalingan ng pahayag.

4. PASASALAMAT

Taos-pusong pasasalamat ang ipinahahayag ng mga mananaliksik sa lahat ng naging bahagi at bumuo upang maging matagumpay na maisakatuparan ang kanilang pananaliksik.

Unang-una sa lahat lubos silang nagpapasalamat sa Panginoon sa kanyang walang sawang paggabay, lakas, at karunungan na ipinagkaloob sa amin sa buong proseso ng kanilang pananaliksik.

Buong pusong pinasasalamatan ng mga mananaliksik si Gemma A. Quimpang, PhD., Pangulo ng Don Carlos Polytechnic College sa kaniyang suporta at pahintulot na isagawa ang pag-aaral na ito.

Lubos ding nagpapasalamat ang mga mananaliksik kay Maricris M. Cañeda, MALE-FILIPINO, bilang gurong tagapayo, sa kanyang dedikasyon, gabay, at mahahalagang mungkahi upang mapabuti ang kanilang pananaliksik.

Taos-puso rin nilang pinasasalamatan ang mga panelist sa kanilang mahalagang oras, kaalaman, at pagbibigay ng makabuluhang puna at suhestiyon para sa ikabubuti ng pag-aaral. Ang kanilang mga obserbasyon, kritikal na pag-iisip, at gabay ay nagsilbing daan upang higit pang mapahusay at mapalalim ang pananaliksik.

Ipinahahayag din ng mga mananaliksik ang kanilang taos-pusong pasasalamat sa kanilang mga magulang sa walang humpay na suportang emosyonal lalo na sa tulong pinansyal na naging daan upang maipagpatuloy at matapos ang pag-aaral na ito.

Pasasalamat din ang kanilang iniuukol sa mga manunulat at mananaliksik na naging sanggunian ng kanilang mga datos at impormasyon para maisakatuparan ang tesis na ito.

Hindi rin nila kinalilimutan ang mga partisepanteng mag-aaral sa paglaan ng kanilang

panahon, oras at kooperasyon upang maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Gayundin, nagpapasalamat ang mga mananaliksik sa kanilang mga kapaatid, kaibigan, at kapwa mag-aaral, sa kanilang pagbibigay motibasyon, inspirasyon at paghihikayat sa amin sa pagsulat ng tesis na ito.

REFERENCES

- [1] Andriani, L. (2018). Filler types and function in spontaneous speech by students at English education study program of IAIN Palangka Raya (Doctoral dissertation, IAIN Palangka Raya). <http://digilib.iaipalangkaraya.ac.id/1520/>
- [2] Araneta, I., & Ingilan, S. (2019). Exploring the pragmatic functions of Cebuano kuan in conversations. *International Journal of Education Research for Higher Learning*, 25(2), 63–84.
- [3] Australian Government. (2024). Types of words. <https://www.stylemanual.gov.au/grammar-punctuation-and-conventions/types-words/>
- [4] Brinton, L. J. (2017). *The Evolution of Pragmatic Markers in English: Pathways of Change*. Cambridge University Press.
- [5] Colaizzi, P. F. (1978). Psychological research as the phenomenologist views it. In R. S. Valle & M. King (Eds.), *Existential-phenomenological alternatives for psychology* (pp. 48–71). Oxford University Press. <https://doi.org/10.4324/9781315825311>
- [6] Culicover, P. W. (2021). *Grammatical universals*. Oxford University Press. <https://doi.org/10.1093/oso/9780198865391.003.0006>
- [7] Fairclough, N. (1995). *Critical discourse analysis: The critical study of language*. Longman.
- [8] Fatimah, G. S. (2017). An analysis of fillers used by lecturer and students in EFL classroom interaction. *Journal of Applied Linguistics and Literacy*, 1(2), 43–51.
- [9] Gandeza, C. C. (2023). Language fillers used by students in conversation. *Journal of Social Work and Science Education*, 4(2), 539–555. <https://doi.org/10.52690/jswse.v4i2.394>
- [10] Grengia, F. P. (2025). Exploring small words with deep meaning: Pragmatic roles of Cebuano discourse particles a and aw. *Asian Journal of Language, Literature and Culture Studies*, 8(2), 557–564.
- [11] Kharismawan, P. (2017). The types and the functions of the fillers used in Barack Obama's speeches. *Journal of Humanity Studies*, 1(1), 111–119. <https://doi.org/10.24071/jhs.2017.010112>
- [12] Kho, C. V., Alsado, F., Augusto, J. R., Himaya, N. M., Lavisores, L., & Lumacad, A. C. (2021). Kuan kanang: Ang pagsusuri ng mga Bisayang tagapuno sa pang-araw-araw na diskurso. <https://www.researchgate.net/publication/353513505>
- [13] Levinson, S. C. (1983). *Pragmatics*. Cambridge University Press. <https://doi.org/10.1017/CBO9780511813313>
- [14] Martianova, I. A. (2022). On the syntactic interpretation of Russian prose of the late 20th–early 21st century. *Philological Sciences: Scientific Essays of Higher Education*, 5, 54–60.
- [15] Mooney, A., & Evans, B. (2018). *Language, society and power: An introduction* (5th ed.). Routledge.
- [16] Navratilova, L. (2015). Fillers used by male and female students of English education study program in argumentative talks. *Linguistics: Journal of Linguistics and Language Teaching*, 2(1). <http://dx.doi.org/10.29300/lingv1i1.121>
- [17] Nordquist, R. (2015, February 5). What is sentence structure in English? ThoughtCo. <https://www.thoughtco.com/sentence-structure-english-grammar-1691891>
- [18] Nurrahmi, I., Sahril, & Sunra, L. (2021). Students' filler in academic presentation. *Pinisi Journal of Art, Humanity and Social Studies*, 1, 12–13. <https://ojs.unm.ac.id/PJAHSS/article/view/24115>
- [19] Richie, R. (2016). Functionalism in the lexicon: Where is it, and how did it get there? *The Mental Lexicon*, 11(3), 429–466. <https://doi.org/10.1075/ml.11.3.05ric>
- [20] Rizzi, L., & Cinque, G. (2016). Functional categories and syntactic theory. *Annual*

- Review of Linguistics, 2(1), 139–163.
<https://doi.org/10.1146/annurev-linguistics-011415-040827>
- [21] Suhartono, S. (2020). The syntactic functions of conversational implicature utterances with academic context: Pragmasyntactic studies. Script Journal: Journal of Linguistic and English Teaching, 5(2), 165–180.
<https://doi.org/10.24903/sj.v5i2.572>
- [22] Tabotabo, R. C. D., Delina, A. J. O., Rotante, K. S., Rabago, S. T., Diel, S. M., & Bonganciso, R. T. (2024). Linguistic chameleon: Syntactic functions of “kuan” (Cebuano language filler) in social media conversations. Journal of English and Foreign Language Teaching and Research.
- [23] Tanangkingsing, M. (2022). Pragmatic functions of versatile unsa ‘what’ in Cebuano: From interrogative pronoun to placeholder to stance marker. Journal of Pragmatics, 193, 59–75.
<https://doi.org/10.1016/j.pragma.2022.03.008>
- [24] Van Olmen, D., Sinkuniene, J. (2021). Pragmatic Markers and Peripheries: An Overview. John Benjamins Publishing Company.
- [25] Velasco, D. G. (2016). A flexible lexicon for functional discourse grammar. Linguistics, 54(5).
<https://doi.org/10.1515/ling-2016-0020>